# Ang Inyong Mga Karapatan sa Ilalim ng Title VI ng Civil Rights Act ng 1964

**Ang San Francisco Bay Area Rapid Transit District (BART), bilang pagsunod sa Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, sa Federal Highway Administration (FHWA), at sa naaangkop na mga batas at regulasyong pederal at pang-estado, ay may pananagutan upang tiyakin na walang hindi isasali o tatanggihan ng mga benepisyo para sa mga serbisyo o mga programa nito batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa, kasarian, edad, o kapansanan. Tinutugunan ng Presidential Executive Order 12898 ang environmental justice sa mga minority at may mababang kita. Tinutugunan ng Presidential Executive Order 13166 ang mga serbisyo sa mga indibidwal na may limitadong kahusayan sa Ingles.**

**Ang sinumang naniniwala na sila ay hindi isinali, o tinanggihan na makakuha ng mga benepisyo mula sa serbisyo o mga programa ng BART, o nakaranas ng diskriminasyon dahil sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, o kapansanan, puwede silang maghain ng nakasulat na reklamo sa Office of Civil Rights ng San Francisco Bay Area Rapid Transit District. Hinihingi ng batas Pederal at Pang-Estado na dapat ihain ang mga reklamo sa loob ng isang daan at walumpong (180) araw sa kalendaryo mula nang huling sinasabing pangyayari.**

**Para humiling ng karagdagang impormasyon sa mga obligasyon sa kawalan ng diskriminasyon ng BART o para maghain ng isang Reklamo sa ilalim ng Title VI, pakisumite ang inyong kahilingan sa:**


**San Francisco Bay Area Rapid Transit District (BART)**
**ATTN: Office of Civil Rights**
**2150 Webster St, Suite #0414**
**Oakland, CA 94612**
**(510) 874-7333 • Fax (510) 464-7587**
**officeofcivilrights@bart.gov**


**Ang mga Form ng Reklamo ay maaari ring makuha mula sa website ng BART sa www.bart.gov/titlevi**

## Ang Title VI ay ang Batas

BART

**FEDERAL HIGHWAY ADMISTRATION**